# ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

Isang *information pamphlet* na naglalarawan ng iyong mga karapatan habang nagtatrabaho sa Estados Unidos.

National Human Trafficking Hotline
**1-888-373-7888** (sa loob ng Estados Unidos)









# ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

Naniniwala kami na ang iyong pagpunta sa Estados Unidos ay magiging kapaki-pakinabang. Gayon man, kung sakali na may masamang sitwasyon kang haharapin, mayroon kang mga karapatan at makakakuha ka ng tulong!

## Ikaw ay may Karapatang:

- Tumanggap ng makatwirang sahod
- Maging malaya mula sa diskriminasyon
- Maging malaya mula sa *sexual harassment* at *sexual exploitation*
- Magkaroon ng mabuti sa kalusugan at ligtas sa panganib na lugar ng trabaho
- Humingi ng tulong sa mga unyon at sa mga *immigrant* at *labor rights groups*
- Umalis sa isang mapang-abusong sitwasyon sa trabaho

**KUNG IKAW AY MINAMALTRATO, TUMAWAG SA *NATIONAL HUMAN TRAFFICKING HOTLINE* SA 1-888-373-7888 (SA LOOB NG ESTADOS UNIDOS), MAG-TEXT NG *"HELP"* SA 233733 (SA LOOB NG ESTADOS UNIDOS) O MAG-EMAIL SA *NHTRC@POLARISPROJECT.ORG*.**

**MAY MGA ESPESYALISTA NA HANDANG MAGBIGAY NG TULONG SA HIGIT NA 200 WIKA. HINDI KINAKAILANGANG MAGPAKILALA O MAGBIGAY NG PANGALAN. TINGNAN ANG *WWW.TRAFFICKINGRESOURCECENTER.ORG* PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON.**

Kung ikaw ay nasa direktang panganib, tumawag ng pulis sa 911 (sa loob ng Estados Unidos). Sabihin sa kanila kung ano ang *emergency*, kung nasaan ka, at ang *telephone number* na kung saan tumatawag. Humingi ng interpreter kung hindi marunong mag-Ingles. Pagdating ng pulis, ipakita sa kanila ang *pamphlet* na ito at sabihin sa kanila ang pang-aabusong iyong naranasan.

Kung ikaw ay tumanggap ng *nonimmigrant A-3, G-5, H, J, NATO-7*, o *B-1 Domestic Worker visa*, dapat kang bigyan ng pamphlet na ito sa araw ng iyong *interview*. Kailangang kumpirmahin ng *consular officer* na natanggap, nabasa at naiintindihan mo ang nilalaman ng itong *pamphlet* bago ka makatanggap ng visa. Kung hindi, dapat kang bigyan ng *consular officer* nitong *pamphlet* at dapat pag-usapan ninyo ito. At saka, dapat sagutin ng *consular officer* ang iyong mga tanong tungkol sa impormasyon sa *pamphlet*.



# ANG IYONG MGA KARAPATAN ANUPAMAN ANG IYONG VISA STATUS

Kung ikaw ay naniniwala na nalabag ang iyong karapatan, ireport ito sa isang ahensya ng gobyerno, unyon, *non-governmental organization* (NGO) o sa ibang organisasyon na makakatulong sa iyo. Humingi ng interpreter kung hindi marunong mag-Ingles.

## 1. Ang Karapatan Mong Makatanggap ng Makatwirang Sahod

- Karapatan mong bayaran ka sa lahat ng ginagawa mong trabaho.
- Karapatan mong kumita nang hindi bababa sa ligal na *federal minimum wage* para sa karamihan ng trabaho. Tingnan ang www.dol.gov/whd/minimumwage.htm para sa kasalukuyang *federal minimum wage*.
- Karapatan mong kumita nang mas mataas sa *federal minimum wage* kung:
  - Ikaw ay nagtatrabaho sa isang estado, lungsod, o *county* na mas mataas ang *minimum wage*.
  - Inuutos sa iyong kontrata sa trabaho/*visa program* ang mas mataas na sahod.
- Dapat kang bayaran ng *overtime pay* kung ikaw ay nagtrabaho ng higit sa 40 oras sa isang linggo. Ang *overtime pay* ay isa at kalahati (1.5) ng halaga ng iyong regular na sahod bawa't oras (*hourly rate*). Halimbawa, kung ang iyong regular na sahod ay $10 bawa't oras, dapat kang bayaran ng $15 para sa bawa't oras ng trabaho na higit sa 40 oras sa loob ng isang linggo.
- *Deduction* ang tawag sa perang ikinakaltas sa iyong *paycheck*. Kailangang tukuyin at linawin ng iyong *employer* ang bawa't *deduction* na kinakaltas sa iyong *paycheck*.

TIP: Dalhin mo ang *pamphlet* na ito sa iyong pagpunta sa Estados Unidos para masangguni anumang oras.



TIP: Depende sa tagal ng iyong pananatili sa Estados Unidos, maaaring i-require ka na magkaroon ng *health insurance* habang nasa Estados Unidos. Maaaring maging kwalipikado ka para sa tulong pinansyal para sa mas mababang singil sa *health insurance*.

- Maaaring labag sa batas ang mga *deduction* kung ang natitira sa iyong sahod ay mas mababa pa sa *legally required wage rate* pagkatapos ng deduction. Karaniwang hindi maaaring ibawas ang gastos para sa mga uniporme, kagamitang pangkaligtasan, mga kinakailangang kasangkapan, mga supply, mga kagamitan o *recruitment fees*. Para sa ilang mga kategorya ng visa, ang *employer* ay dapat magbigay ng libreng tirahan.

- Kasama sa mga ligal na *deductions* ay ang mga pinili mong ibawas sa iyong sahod gaya ng *health insurance*, butaw sa unyon, o mga *wage advances*. Ligal din ang mga *deductions* na inuutos ng korte para sa sustento sa bata (*child support*) o *alimony*, o sa *bankruptcy*. Bukod sa ilang mga eksepsyon, ang mga *nonimmigrant visa holders* na nagtatrabaho sa Estados Unidos ay kailangang magbayad ng buwis sa gobyerno pederal at estado at mga buwis sa pagtatrabaho. Maaaring magkasundo kayo ng iyong *employer* kung ikakaltas sa iyong *paycheck* ang babayaran mong buwis. Karaniwang deretsong ikinakaltas ng *employer* sa iyong *paycheck* ang mga buwis sa pagtrabaho, kasama ang mga buwis sa *Social Security* at *Medicare*.

## 2. Ang Karapatan Mong Maging Malaya mula sa Diskriminasyon

- Labag sa batas na tratuhin kang iba o mali ng iyong *employer* dahil sa iyong edad (kung ikaw ay may edad 40 pataas), kasarian, lahi, bansang pinagmulan at etnisidad, kulay, relihiyon, *genetic information* (kasama na ang *medical history* ng pamilya), o kapansanan.
- Hindi ka maaaring tratuhin ng kakaiba dahil ikaw ay isang babae o dahil ikaw ay buntis, nagpapasuso, o maaaring mabuntis.

### 3. Ang Karapatan Mong Maging Malaya mula sa *Sexual Harassment* at *Sexual Exploitation*

- Labag sa batas ang *sexual harassment* mula sa *employer*. Ang iyong *employer* ay hindi dapat magsalita ng *sexual* patungo sa iyo o magbigay ng anumang komentaryo batay sa kasarian.
- Labag sa batas para sa iyong *employer* na gamitin ka nang *sexual*, kabilang ang:
    - Pagpilit o pag-uutos sa iyo na gumawa ng anumang *sexual act*
    - Paghawak o paghipo sa iyo sa *sexual* na paraan
    - Pamimilit, panloloko o pananakot na gumawa ka ng anumang *sexual act*.

### 4. Ang Karapatan Mong Magkaroon ng Mabuti sa Kalusugan at Ligtas sa Panganib sa Iyong Lugar ng Trabaho

Bilang isang manggagawa sa Estados Unidos, ikaw ay may karapatan sa mga kondisyon sa trabaho na ligtas sa panganib at mabuti sa kalusugan kabilang ang;

- **Paggamot:** May karapatan ka na ireport sa iyong *employer* ang mga pagkakapinsala at pagkakasakit na kaugnay sa trabaho. Maaari kang magpagamot kung ikaw ay mapinsala o magkasakit sa trabaho. Sa kalimitan, para sa mga pagkakapinsala o pagkakasakit na kaugnay sa trabaho, kailangang bayaran ng iyong *employer* ang pagpapagamot at bahagi ng nawalang sahod habang may pinsala. Maaari kang mag-file ng *workers' compensation* (bayad sa mga manggagawa) sa estado na kung saan ka nagtatrabaho.
- **Kagamitang Pangkaligtasan:** Kung ikaw ay gumagamit ng *pesticide* o nalalantad sa *pesticide* o mga mapanganib na kemikal sa trabaho, kailangang bayaran at maglaan ang iyong *employer* ng kagamitang pangkaligtasan na kinakailangan para sa trabaho (gaya ng *respirator* o mga guwantes).
- **Pagsasanay:** Ikaw ay may karapatang makatanggap ng mga impormasyon at pagsasanay tungkol sa mga panganib, mga paraan upang maiwasan ang mga ito, at mga pamantayan para sa kaligtasan at kalusugan na naaayon sa lugar ng iyong trabaho. Ang mga pagsasanay na ito ay dapat nasa wika at bokabularyo na madali mong intindihin.
- **Pabahay:** Kung ikaw ay pagkalooban ng iyong *employer* ng bahay na matutuluyan, ito ay dapat malinis at ligtas sa panganib. Kailangang malaya kang makaalis ng tirahan sa mga oras na hindi ka nagtatrabaho.


TIP: Bago ka umalis papuntang Estados Unidos, humingi ng payo sa mga organisasyon ng *migrant workers* (mga manggagawang dayuhan) o sa mga dating *migrant workers*. Mabibigyan ka nila ng mga pangalan at mga numero ng mga tao o mga organisasyon na maaari kang makipag ugnayan kung meron kang mga problema o mga tanong kapag ikaw ay nasa Estados Unidos.



- **Mga Banyo:** Kailangang malinis at magagamit ang mga banyo. Kailangang pahintulutan ka ng iyong *employer* na magamit ang mga banyo kapag kinakailangan.
- **Tubig na Maiinom:** Ikaw ay may karapatang uminom ng tubig na malinis.
- **Sabon at Malinis na Tubig:** Ikaw ay may karapatang gumamit ng tubig at sabon sa paghugas ng iyong mga kamay gaya ng kinakailangan pagkatapos mong humawak ng mga *pesticide*/kemikal, pati ang mga gulay o prutas na nalagyan ng mga *pesticide*/kemikal.
- **Mga Emergency na Pangmedikal:** Maaaring bayaran ang mga nagastos mo, kaya kailangan ipagbigay alam agad sa iyong *employer* ang tungkol sa iyong *injury* o pagkakasakit upang mai-file ng *employer* mo ang mga papeles na kinakailangan. Kapag ikaw ay nasa doctor, clinic, o ospital, humingi ng mga kopya ng mga papeles na naaayon sa iyong *injury* o pagkakasakit.

Kung ikaw ay gumagamit o nalalantad sa mga *pesticide* o mga mapanganib na kemikal:

- Ikaw ay may karapatang malaman at maintindihan ang mga kemikal na ginagamit sa trabaho at kailangan mabigyan ka ng iyong *employer* ng bayad na pagsasanay tungkol sa mga kemikal sa lugar ng trabaho.
- Dapat sabihin sa iyo ng iyong *employer* kung saan at kailan nagbobomba ng mga *pesticide* at kung kailan ligtas na pumasok muli sa lugar na binombahan para maiwasan ang hindi sinasadyang pag-eexpose. Huwag manatili sa isang lugar na binobombahan ng mga *pesticide*.



## 5. Ang Karapatan mong Humingi ng Tulong sa Unyon, mga Grupo ukol sa mga Karapatan ng mga Immigrant, at mga Karapatan ng Manggagawa

- Bukod sa ilang mga eksepsyon, may karapatan kang magsama-sama sa iyong mga katrabaho para hilingin sa iyong *employer* ang pagpapataas ng sahod o pagpapabuti ng kondisyon sa trabaho. Ang karamihan ng mga manggagawa ay mayroon ding karapatang magtatag ng, sumali sa, at suportahan ang isang unyon sa iyong lugar ng trabaho.
- Sa oras ng iyong pahinga o *day off*, maaari kang dumalo sa mga pampublikong talumpati, mga rally at demonstrasyon na sinusuportahan ang pagtaas sa sahod o ang mas mabuting mga kondisyon sa trabaho.
- Karapatan mo ito maging anuman ang iyong *immigration status*. Hindi maaaring may gawin laban sa iyo ang iyong *employer* dahil pinaninindigan mo ang iyong mga karapatan.

## 6. Ang Karapatan Mong Iwanan ang Mapang-abusong Sitwasyon sa Trabaho

- Ang pinakaimportante ay makahanap ka ng kaligtasan kung ikaw ay inaabuso. Hindi mo kailangang manatili sa iyong trabaho kung ikaw ay inaabuso ng iyong *employer*.
- Bagama't magiging *invalid* na ang *visa status* mo kung aalis ka sa iyong *employer*, baka puwede mong palitan ang *status* ng visa mo o ang iyong *employer*. Maaaring kailangan mong umalis sa Estados Unidos para gawin ito. Kahit *invalid* na ang visa mo, maari ka pa ring makakuha ng tulong sa oras na iwanan mo ang isang mapang-abusong *employer*.
- Maaari kang magharap ng pormal na reklamo o idemanda ang iyong *employer* habang ikaw ay nagtatrabaho sa kanya o pagkatapos mong umalis. Lumalabag sa batas ang iyong *employer* kung siya ay may gawin (o maghiganti) laban sa iyo dahil sa ginawa mo.

TIP: Maaaring may kinakampihang panig (*bias*) ang payo ng iyong *employer*, kontratista o recruiter sa batas. Makipag-ugnayan sa abogado na walang kinakampihan.

# MGA KARAGDAGANG KARAPATAN BATAY SA IYONG NONIMMIGRANT STATUS

### A-3, G-5, NATO-7, at B-1 Domestic/Personal na Manggagawa

- Ikaw ay kailangang mabigyan ng kontrata ng iyong *employer* na sumusunod sa batas ng Estados Unidos.
- Kailangang nakasulat sa kontrata ang halagang ibabayad sa B-1 *Domestic/Personal employee* para sa bawa't oras ng trabaho. Kailangan ang bayad para sa bawa't oras ng trabaho ay ang pinakamataas na *minimum wage* alinsunod sa gobyerno pederal ng Estados Unidos, ng estado, o ng batas ng lungsod.
- Kailangan kang bigyan ng iyong *employer* ng kontrata na nakasulat sa wikang naiintindihan mo. Siguraduhin na naiintindihan mo ang nakasaad sa kontrata at huwag pirmahan ang isang dokumento kung hindi mo alam kung ano ang nakasulat dito.

### Karagdagang mga kinakailangan para sa A-3, G-5, at NATO-7 Domestic na Manggagawa

*Kailangang kasama sa kontrata ang hindi kumukulang sa sumusunod na mga punto:*

- Pagsang-ayon ng iyong *employer* na sundin ang lahat ng batas ng Estados Unidos;
- Impormasyon kung gaano kadalas ang pagpapasahod sa iyo at ang klase ng pagbayad sa iyo, mga gawain, ilang oras na pagtatrabaho sa isang lingo, mga piyesta opisyal (*holidays*), mga *sick leave* at mga araw ng bakasyon; at
- Pagsang-ayon ng iyong *employer* na hindi kukunin sa iyo ang iyong pasaporte, kontrata sa pagtrabaho, o ibang personal na gamit na pagmamay-ari mo.

### H-2A Temporary Agricultural Worker Visas

- Hindi ka dapat magbigay ng anumang bayad sa isang *labor recruiter*.
- Dapat kang makatanggap ng kontrata sa pagtrabaho na nakasulat sa wikang naiintindihan mo. Dapat nakasulat sa kontrata ang detalyadong impormasyon tungkol sa sahod, tagal ng trabaho, mga oras ng trabaho, mga benepisyo (kasama ang transportasyon, pabahay at pagkain o mga pasilidad para paglutuan), at anumang mga bawas sa iyong sahod.



TIP: Dapat kang bayaran ng iyong *employer* sa takdang panahon. Sa Estados Unidos, kadalasang sumasahod ang isang empleyado tuwing dalawang linggo.

- May karapatan kang bayaran ng makatwirang sahod kahit ang bayad sa iyo ay para sa bawa't piraso (*piece rate*).
- Ang iyong *employer* ay dapat magbigay ng pangtransportasyon o bayaran ang papunta at pang-araw-araw na gastusin sa pangkabuhayan mula sa lugar na pinanggalingan hanggang makarating sa lugar ng trabaho, o bayaran ang inabonohan mo para sa mga gastos hanggang makakalahati ka ng iyong kontrata sa trabaho. Sa oras na nakumpleto mo ang kontrata sa trabaho, kailangang magbigay ng pangtransportasyon o bayaran ang pabalik at pang-araw-araw na gastusin mula sa lugar ng trabaho patungo sa lugar na kung saan ka umalis para magtrabaho sa *employer*. Maaaring kailanganin ding bayaran ng iyong *employer* ang iyong pamasahe papunta at ang mga ginastos sa visa sa unang linggo ng trabaho kung ang iyong sahod, bawas ang iyong mga gastos, ay wala pa sa *U.S. minimum wage*. Kailangang bigyan ka rin ng *employer* ng libreng transportasyon mula sa pinagkaloob sa iyong pabahay patungo sa lugar ng trabaho.
- Hindi mo kinakailangan magbayad ng buwis para sa *U.S. Social Security* at *Medicare* para sa sahod na binayad sa iyo kapalit ng serbisyo mo bilang H-2A worker.
- Sa karaniwan, dapat kang bigyan ng iyong *employer* ng trabaho na may kabuuang oras na hindi bababa sa ¾ na mga araw ng trabaho sa isang *contract period*.

## H-2B Temporary Non-Agricultural Worker Visas

- Hindi ka dapat magbigay ng anumang bayad sa isang *labor recruiter*.
- Dapat kang makatanggap ng *job order* na nakasulat sa wikang naiintindihan mo. Dapat nakasulat dito ang detalyadong impormasyon tungkol sa sahod, tagal ng trabaho, mga oras ng trabaho, mga benepisyo (kasama ang transportasyon, pabahay at pagkain o mga pasilidad para paglutuan), at anumang mga bawas sa iyong sahod.
- Sa karaniwan, dapat kang alukin ng iyong *employer* ng trabaho na may kabuuang oras na hindi kumukulang sa ¾ ng mga araw ng trabaho sa bawa't 12 linggo.
- May karapatan ka sa makatwirang sahod kahit ang bayad sa iyo ay para sa bawa't piraso (*piece rate*).
- Ang *employer* mo ay kailangang magbigay ng pangtransportasyon o bayaran ang iyong inabonohan para sa transportasyong papunta at sa pang-araw-araw na pangkabuhayan mula sa ibang bansa sa oras na nakumpleto mo ang kalahati ng panahon ng kontrata. At saka kailangang bayaran ng iyong *employer* ang mga gastos sa iyong transportasyon pauwi, kasama ang para sa pang-araw-araw na pangkabuhayan, kung nakumpleto mo ang panahon ng trabaho o kung ikaw ay pinatalsik ng iyong *employer* sa anumang dahilan bago sa katapusan ng iyong otorisadong panahon ng trabaho. Maaaring kailangan ring bayaran ng iyong *employer* ang pamasahe mo papunta at mga ginastos sa visa sa unang linggo ng trabaho kung ang sahod mo bawas ang iyong mga gastos ay wala pa sa *U.S. minimum wage*.

## J-1 Exchange Visitor Visas

- Pinaliliwanag ng iyong inaprubahang DS-2019 ang mga petsa ng iyong programa, kategorya ng exchange, ang pangalan ng iyong sponsor, at ang host kung saan gaganapin ang iyong *exchange program*.
- Dapat igsaktong maipaliwanag sa iyo ng iyong sponsor ang lahat ng mga gastos, mga kundisyon, at mga pagbabawal sa iyong *exchange program*.

## Summer Work Travel (Paglalakbay na Trabaho sa Summer)

- Kung wala kang "*pre-placed employment*", dapat tulungan ka ng iyong sponsor na makahanap ng trabaho pagdating mo sa Estados Unidos.



## Intern o Trainee

- Kinakailangan kang interbyuhin ng iyong sponsor nang personal, sa telepono, o sa pamamagitan ng *web camera*.
- Kailangan kang bigyan ng iyong sponsor ng "*intern or trainee placement plan*" (DS-7002) kung saan nakalagay ang detalye ng sahod na iyong matatanggap at ang kabuuan ng layunin ng pagsasanay ng programa. Dapat kang bigyan ng hindi kumukulang sa 32 oras na trabaho sa bawa't linggo.
- Dapat kang bigyan ng iyong sponsor ng nakasulat na ulat ng mga gastos at mga singil na kailangan mong bayaran at ng estimate ng mga gastos sa pamumuhay sa Estados Unidos.
- Kailangan siguraduhin ng iyong sponsor na meron kang *medical insurance*, ngunit hindi kinakailangang ang iyong sponsor ang magbigay o magbayad nito.

## Au Pair:

- Dapat kang tulungan ng iyong *host family* para makapag-*enroll* at makapasok sa isang *postsecondary institution* at bayaran ang hanggang $500 sa mga gastos para sa iyong mga klase.
- Hindi mo kinakailangang magtrabaho ng higit sa 10 oras bawa't araw o 45 oras bawa't linggo.
- Ang iyong *counselor* ay kinakailangang regular na kinokontak ka at ang iyong *host family*.


TIP: Bago ka bumiyahe, gumawa ng dalawang kopya ng lahat ng iyong importanteng dokumento, lalo na ang iyong pasaporte at *U.S. visa*, ng iyong kontrata sa trabaho, at anumang karagdagang mga dokumento ng pagkakakilanlan (IDs). Ibigay ang isang set nitong mga kopya sa isang taong pinagkakatiwalaan mo sa iyong bansa, at dalhin mo ang pangalawang set.




# ANG IYONG NONIMMIGRANT VISA

Ang *nonimmigrant visa* ay isang dokumento ng gobyerno ng Estados Unidos na nagpapahintulot sa mga taong nagbibiyahe sa Estados Unidos na humiling na makapasok para sa isang partikular na layunin, kabilang ang magtrabaho, mag-aral, o sumali sa isang *cultural exchange program*. Kailangan mong mag-apply para sa visa sa isang embahada o konsulado ng Estados Unidos na nasa ibang bansa. Sa panahong matanggap mo ang iyong nonimmigrant visa, ikaw ay maaaring magbiyahe papunta sa Estados Unidos at ipakita ito sa opisyal ng *U.S. immigration* para papasukin sa bansa. Kapag *expired* na ang iyong visa, kailangan mong kumuha ng bagong visa bago muling makapasok sa Estados Unidos.

Sa panahong ikaw ay pumasok ng Estados Unidos, tatatakan ng isang *immigration officer* ang iyong pasaporte at isusulat ang petsa ng iyong pagpasok, klase ng pagpasok at petsang "*admit until*". Ikaw ay kailangan




lumabas ng Estados Unidos bago ng petsang "*admit until*" sa iyong I-94 para manatiling ikaw ay nasa *legal status* maliban kung ikaw ay mag-file ng *extension* sa *U.S. Citizenship and Immigration Services*. Maaari mong tingnan ang iyong I-94 record sa *https://i94.cbp.dhs.gov*.



TIP: Pagdating mo sa Estados Unidos, ilagay ang iyong pasaporte at ibang mga dokumento sa pagbiyahe sa isang ligtas na lugar na makukuha mo sa anumang oras. Paglabag sa batas para sa iyong *employer* na kunin ang iyong pasaporte.

# HUMAN TRAFFICKING

Ang mga biktima ng *human trafficking* ay may karapatang makatanggap ng mga proteksyon at mga serbisyo, at maaaring karapat-dapat sa ilang mga benepisyong pampubliko. Ang *human trafficking* ay isang krimen na ginagamit ang mga bata para sa *commercial sex*, ng mga nasa hustong gulang para sa *commercial sex* sa pamamagitan ng paggamit ng dahas, pandaraya, o pagpilit sa pamamagitan ng pananakot, at ng sinumang tao para magtrabaho nang sapilitan. Ang mga gumagawa ng ganitong mga pagsasamantala na maaaring kabilang ang mga *labor trafficker*, mga bugaw at mga parokyano ng *sex trafficking*, ay maaaring usigin alinsunod sa mga batas ng gobyerno pederal at ng estado na laban sa *trafficking*. Ang mga *labor trafficker* at *sex trafficker* ay maaaring sampahan ng kasong kriminal at *civil liability*. Ang sumusunod ay ilan sa mga babalang maaaring nagpapakita ng *human trafficking*.

## Mga Pagbabanta at Pananakot

Maaaring gamitin ng mga *trafficker*, at ng mga taong tumutulong sa kanila ang mga pagbabanta at iba pang mga pananakot para ikaw o ang ibang tao ay takot na takot na subukang tumakas. Halimbawa:

- Panggugulpi, pisikal na pananakit, o pang-abusong sexual;
- Mga pagbabanta ng panggugulpi, pisikal na pananakit, o ng pang-abusong sexual;
- Sapilitang pagkulong o pagpigil sa pag-alis ng manggagawa sa lugar ng trabaho o tirahan;

- Mga pagbabanta na sasaktan ka o ang iyong pamilya kung subukan mong umalis, magreklamo na ikaw ay minamaltrato, magreport ng sitwasyon sa mga awtoridad, o humingi ng tulong;
- Mga pagbabanta na ikaw ay maaaring ipa-deport o arestuhin dahil sa paghingi ng tulong; o
- Mga pagbabanta o pananakit sa ibang mga manggagawa na nagtangkang umalis, nagreklamo, nagreport ng kanilang sitwasyon o humingi ng tulong, o ang mga pagbabanta na sinumang magtangkang tumakas ay hahanapin at ibabalik.

## Utang

Maaaring iutos ng mga *trafficker* at ng mga taong tumutulong sa kanila, na ikaw ay gumanap ng mga trabaho, mga serbisyo o ng mga gawang *commercial sex* (prostitusyon) para bayaran ang utang. Sa ilang mga pagkakataon, ang *trafficker* ang may likha ng utang at nagpataw nito. Paglabag sa batas na gamitin ang pagkakautang para ikaw ay pilitin na magpatuloy na gumanap ng mga trabaho, mga serbisyo o ng mga gawang *commercial sex* (prostitusyon), o hadlangan kang umalis. Maaaring i-manipulate ng mga *trafficker* ang iyong pagkakautang para gawing mas mahirap mabayaran at maging dahilan na ikaw ay maniwalang kailangan mong manatiling naglilingkod sa *trafficker* hanggang mabayaran ang utang. Kabilang sa mga halimbawa ng pagma-manipulate ng mga pagkakautang:

- Pagpapatupad ng pautang na mahirap o imposibleng mabayaran sa makatwirang panahon at hindi akma sa iyong kikitain;
- Pagpapatupad ng pautang na hindi mo paunang sinang-ayunan o mas mataas sa pautang na iyong sinang-ayunan;
- Pagtangging gamitin ang iyong mga sahod na pambayad sa pautang;
- Pagtangging sabihin kung gaano ka katagal mananatiling maglilingkod sa *trafficker* bago mabayaran ang pautang;
- Pagdagdag ng mga singil para sa transportasyon, pabahay, pagkain, at pagsingil sa pautang na hindi mo paunang sinang-ayunan; at
- Pagdagdag ng mga singil o multa para sa paglabag sa mga patakaran, dahil hindi kumikita nang sapat, o dahil sa hindi paggawa nang sapat ang trabaho, serbisyo o mga gawaing *commercial sex*.

TIP: Magkaroon ng isang detalyadong rekord ng anumang di-naaangkop na puna at/o ginawa ng iyong *employer* laban sa iyo at isulat ang mga pangalan at mga *telephone numbers* ng sinumang mga nakasaksi.

## Mga Patakaran at Mga Pagkontrol

Maaaring gamitin ng mga *trafficker*, at ng mga taong tumutulong sa kanila, ang mga patakaran at mga pagkontrol para gawing mas mahirap para sa iyo at ibang tao na umalis, magreklamo, o humingi ng tulong. Halimbawa:

- Mga patakarang nagbabawal sa pag-alis sa lugar ng trabaho, o mahigpit na mga patakaran tungkol sa kung saan ka makakapunta kapag hindi nagtatrabaho;
- Mga patakarang nagbabawal sa paghawak mo ng iyong pasaporte, visa, sertipiko ng kapanganakan, o ibang mga dokumento ng pagkakakilanlan;
- Pagkait na makakuha ng sapat na pagkain, tulog, o pagpapagamot;
- Paghahadlang, pagbabawal o pagmomonitor ng mga pakikipag-usap sa iyong pamilya, ibang mga katrabaho, mga customer, o sa ibang mga tao sa labas ng lugar ng trabaho, gaya ng mga *legal* o *social service outreach workers*.

## Panloloko at mga Kasinungalingan

Maaaring gamitin ng mga *trafficker*, at ng mga taong tumutulong sa kanila, ang mga panloloko at mga pagsisinungaling. Halimbawa:

- Mga pangakong kasinungalingan tungkol sa klase ng trabaho, mga oras ng pagtrabaho, mga kondisyon sa trabaho o pabahay, o sa sahod;
- Pangangako ng mahusay na trabaho pero pinagtatrabaho ka ng mas mahabang oras, sa ilalim ng malulupit na kondisyon, o sa mas mababang sahod kaysa sa pinangako; o
- Pangangako ng mahusay na trabaho pero pinagagawa ka ng ibang trabaho, mga serbisyo o mga gawang *commercial sex*. Maaaring kabilang dito ang pangakong bigyan ka ng trabaho bilang *nursing professor* pero pinipilit kang magtrabaho bilang tauhan sa isang *nursing home*, o nangakong bigyan ka ng trabaho bilang *nanny* pero pinipilit kang magtrabaho bilang *exotic dancer* o mga gawang *commercial sex* (prostitusyon).
- Sinasabing ikaw ay walang karapatan;
- Sinasabing ikaw ay hindi paniniwalaan o na ikaw ay ipadedeport kung subukan mong humingi ng tulong; o
- Inuutusan kang magsinungaling tungkol sa pagkakilanlan mo sa *trafficker*.

### Ikaw ba ay ipade-deport kung irereport mo ang pag-abuso?

May mga programang nagbibigay proteksyon sa mga taong nagrereport ng pag-abuso. Huwag kang matakot na humingi ng tulong kahit na meron kang mga kinababahala tungkol sa *immigration*. Dapat kang kumonsulta sa isang abogadong pang-imigrasyon na hindi abogado ng iyong *employer*.

Kung ikaw ay naniniwala na biktima ka ng *human trafficking* o ng ibang malubhang krimen, kabilang ang panggagahasa o pananamantalang *sexual*, maaari kang mag-qualify sa ibang *nonimmigrant status*, gaya ng "T" (para sa mga biktima ng *trafficking*) o ng "U" (para sa mga biktima ng *trafficking* o ibang mga malubhang krimen) *nonimmigrant status* o kaya'y pahintulutan kang pansamantalang manatili sa Estados Unidos. Ang mga *nonimmigrant visa classification* na ito ay nilikha para protektahan ang mga biktima. Maraming tao sa Estados Unidos ang hindi nakakaalam tungkol sa T o U *nonimmigrant status* at maaaring kailangan mong sabihin sa mga taong tumutulong sa iyo ang tungkol sa mga ito.

### Anong mga Serbisyo ang Makukuha ng mga Biktima ng Human Trafficking?

- Ang mga biktima ng *trafficking* sa Estados Unidos ay maaaring makatanggap ng mga benepisyo, serbisyo at tulong sa imigrasyon alinsunod sa mga programa ng gobyerno pederal o ng estado. Maraming mga organisasyon na maaaring tumulong sa iyo para makuha ang mga serbisyong ito, kabilang ang *medical/dental care*, *mental health care*, pabahay, tulong tungkol sa batas ng imigrasyon, at ibang mga kailangang nauukol sa batas, tulong sa trabaho, at mga benepisyong pangmadla.

TIP: Isang magandang ideya ang magkaroon ng *record* ng lahat ng oras na nagtrabaho ka. Isulat sa isang *notebook* ang lahat ng mga araw at mga oras na ikaw ay nagtrabaho, magkano ang ibinayad sa iyo, ang mga petsang binayaran ka, anumang mga *deduction* na binawas sa iyong *paycheck*, at ang mga dahilan para sa mga *deduction*.

## SAMPLE WEEKLY WORK LOG

| Empleyado: | | Superbisor: | |
|---|---|---|---|
| **Petsa** | **Mga Gawain** | **Mga Oras** | **Bayad** |
| | | Pumasok:____________<br>Lumabas: ____________<br>Total: ______________ | |
| | | Pumasok:____________<br>Lumabas: ____________<br>Total: ______________ | |



# TINGNAN ANG MGA WEBSITE NA ITO PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA SUMUSUNOD:

*(Ang sumusunod na mga website ay nasa wikang Ingles.)*

- Proseso sa pag-apply ng U.S. visa at ang iyong U.S. visa: *usvisas.state.gov*.
- *Human trafficking*: *www.state.gov/j/tip.*
- Ang J-1 *visa exchange program*: *j1visa.state.gov*.
- Pagkakapantay-pantay at ang karapatan mong maging malaya mula sa diskriminasyon sa trabaho dahil sa iyong lahi, kulay, relihiyon, kasarian (kasama ang pagbubuntis), bansang pinagmulan, edad (40 o mas matanda), kapansanan o *genetic information*, at paano mag-file ng reklamo tungkol sa diskriminasyon: *www.eeoc.gov*.
- Mga karapatan sa kaligtasan sa trabaho, o kung sa tingin mo ay hindi ligtas sa panganib ang iyong trabaho at gusto mong humiling ng *inspection*: *www.osha.gov*.
- Paano makukuha ang mga sahod na hindi binayaran ng iyong *employer*: *webapps.dol.gov/wow*.
- Ang iyong karapatang mabayaran ng makatwiran, kasama ang kung paano mag-file ng reklamo tungkol sa sahod: *www.dol.gov/WHD/immigration*.
- Ang iyong karapatang hindi makaranas ng diskriminasyon dahil sa iyong *citizenship status* at paano mag-file ng reklamo tungkol sa diskriminasyon: *www.justice.gov/crt/filing-charge*.
- Ang iyong karapatang makisali sa ibang manggagawa para sa pagpapataas ng sahod o pagpapabuti ng kondisyon sa trabaho, kabilang kung paano mag-file ng *charge*: *www.nlrb.gov*.
- Ang iyong mga karapatan, mga obligasyon, at mga eksempsyon sa *health insurance*: *localhelp.healthcare.gov*.

Nilikha ang *pamphlet* na ito alinsunod sa *Section 202 of the William Wilberforce Trafficking Victims Protection Reauthorization Act of 2008, Public Law 110-457*.